Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Ang Pagtukso Kay Hesus

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay nila: M. Maillot at Sarah S.

Isinalin ni: Anne T.

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Nang matapos ang bautismo ni Hesus, nagsalita ang Diyos.

Ang sabi niya "Ito ang aking minamahal na anak, na sa kanya ako ay nalulugod."

At ang
Banal na
Espiritu
ay bumaba
kay Hesus
sa anyong
kalapati.

At pagkatapos, siya ay dinala ng Banal na Espiritu sa ilang na mag-isa.

Si Hesus ay nag-ayuno ng apat na pong araw. Samakatuwid, siya ay hindi pa kumakain.
At siya ay nakaramdam ng sobrang pagkagutom.

Ang sabi ng bibliya na maging ang mga mababangis na hayop ay naroon din.

Si Satanas ay lumapit
upang tuksuhin
si Hesus.

Noong una sa hardin ng Eden, tinukso niya sina Adan at Eba upang sumuway sa Diyos, …

… ngayon naman kaniyang tutuksuhin si Hesus.

Si Satanas
ay susubukang
tuksuhin maging
ang Anak ng Diyos
na si,
Hesus.

"Kung talagang ikaw ang Anak ng Diyos" wika ng diyablo, "gawin mong tinapay ang mga batong ito."

Alam niya na si Hesus ay nagugutom. Alam niyang kayang gawin ng Anak ng Diyos na gawing tinapay ang bato.


Susundin kaya ni
Hesus and diyablo?

Hindi! Hindi sinunod ni Hesus ang diyablo. Bagkus, sinagot niya ito sa pamamagitan ng salita ng Diyos.

"Ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Diyos."

At si Hesus ay dinala ng diyablo sa tuktok ng syudad ng Herusalem, sa banal na templo na kung saan ang mga tao ay

sumasamba sa Diyos.

Ano kaya ang susunod na gagawin ng diyablo?

"Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka" wika ng diyablo.
"Sapagkat nasusulat Ikaw ay sasambutin ng Kaniyang mga anghel."

"Hindi!" sagot ni Hesus. "Ito rin ay nasusulat...Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos."



At muli tinukso Siya ng
diyablo at dinala sa tuktok
ng bundok na lubhang mataas.

At ipinakita kay Hesus ang lahat ng kaluwalhatian ng bawat kaharian sa buong mundo, at ang diyablo ay nagwika, …

... "Ibibigay ko sa Iyo and lahat ng ito, kung Ikaw ay yuyuko at sasamba sa akin."

“Lumayo ka Satanas!”
utos ni Hesus, ...



... "Sapagkat nasusulat rin... ikaw ay sasamba sa Panginoon mong ...



... Diyos at tanging Siya lamang ang iyong paglilingkuran."



At nilisan siya ng diyablo pansamantala. At pagkatapos isang magandang bagay ang nangyari.

Ipinadala ng Diyos ang kanyang mga anghel upang maglingkod at umaliw kay Hesus na hindi nagawang tuksuhin ng diyablo.



Ang Pagtukso Kay Hesus

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mateo 4, Lukas 4

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16